


7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Kalayaan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Kalayaan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Cherry May L. Ng, Niño M. Llave
Editor: Loida S. Pigon
Tagasuri: Irmanie A. Enrico, Loida S. Pigon, Ma. Luz N. Darjuan
Ronaly B. Conales, Cristy R. Temple, Elma C. Palen
Tagaguhit: Khristine S. Lacsamana
Tagalapat: Khristine S. Lacsamana, Mario Johray V. Manongdo
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Atty. Suzzette T. Gannaban-Medina
Susana M. Bautista
Cynthia Eleanor G. Manalo
Mariflor B. Musa
Freddie Rey R. Ramirez
Danilo C. Padilla
Annabelle M. Marmol
Domingo L. Mendoza, JR.
Elmer P. Concepcion
Loida S. Pigon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

**Edukasyon
sa Pagpapakatao
Ikalawang Markahan – Modyul 4:
Kalayaan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ano ang nararamdaman mo sa tuwing pinauuwi ka sa takdang oras, pinatutulong ka nang maaga o inuutusan ka ng iyong magulang? Sa dami ng mga alituntunin at batas na dapat mong gawin at sundin, marahil ay naitanong mo na sa iyong sarili: Malaya ba ako? Ano nga ba ang tunay na kahulugan ng kalayaan?

Sa Modyul 3, naunawaan mo ang pagkilos ng konsensiya sa larangan ng panahon upang may kamalayan ka kung ang iyong pag-iisip o pangangatuwiran sa isang pasiya o kilos ay batay sa Likas na Batas Moral o hindi. Ang pag-iisip na ginagawa mo sa isang situwasyon kung saan tinitimbang mo ang kabutihan o kasamaan ng mga pamimiliang kilos ay tinatawag na “paghuhusga ng konsensiya”. Inaasahang nakatulong ito upang makabuo ka ng *tamang pangangatuwiran* sa pasyang pinili mo sa situwasyon ayon sa Likas na Batas Moral. Kung nag-iisip ka nang mabuti bago ka kumilos, habang isinasagawa ang kilos, at pagkatapos gawin ang kilos, mas makasisiguro ka na makabuo ng mabuting pasiya at maisagawa ang mabuting kilos.

Sa modyul na ito, matutuhan mo naman ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa kalayaan. Matutuklasan mo kung tunay ka bang malaya at ang palatandaan ng kalayaan. Sa huli, inaasahang masasagot mo ang *mga Mahalagang Tanong* na: **Ano ang kaakibat ng kalayaan na ipinagkaloob sa tao? Paano dapat gamitin ang kalayaan?**


Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

A. Para sa kasalukuyang linggo ng iyong pag-aaral sa Ikalawang Markahan (ikalimang linggo, ang una at ikalawang layunin ang iyong pag-aaralan)

1. Nakikilala ang mga indikasyon/ palatandaan ng pagkakaroon o kawalan ng Kalayaan. (EsP7PT-IIe-7.1)
2. Nasusuri kung nakikita sa mga gawi ng kabataan ang Kalayaan. (EsP7PT-IIe-7.2)

B. Para sa susunod na linggo ng iyong pag-aaral sa Ikalawang Markahan na linggo), ang ikatlo at ikaapat na layunin ang iyong pag-aaralan:

3. Nahihinuha na likas sa tao ang malayang pagpili sa mabuti o masama; ngunit ang kalayaan ay may kakambal na pananagutan para sa kabutihan. (EsP7PT-IIf-7.3)
4. Naisasagawa ang pagbuo ng mga hakbang upang baguhin o paunlarin ang kanyang paggamit ng kalayaan. (EsP7PT-IIf-7.4)



Subukin

Panuto: Basahin at unawing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kalayaang magnais o hindi magnais?
 - a. Kalayaang tumukoy
 - b. Panlabas na kalayaan
 - c. Kalayaang gumusto
 - d. Panloob na Kalayaan
2. “Ang pinili ko ay masama kaya ako nagsisi”. Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?
 - a. Ang kasamaan ay bunga ng kalayaan ng tao.
 - b. Kalayaan ang pinanggalingan ng masama.
 - c. Ang kasamaan ay kaakibat ng mabuti.
 - d. Nagsisi ako dahil may kalayaan ako
3. “Nagsisisi ako dahil ginawa ko ang masama na hindi ko dapat ginawa.” Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?
 - a. Nagsisisi lamang ang tao sa mga pansariling kilos na ginawa niya
 - b. Pagsisisi ang resulta ng hindi paggamit ng kalayaan nang tama.
 - c. Ang tao ay may tungkuling iwasan ang tukso sa paligid.
 - d. Ang kasamaan ay dapat pinagsisisihan.
4. Ayon kay Ester Esteban, ang sumusunod na pahayag ay ang palatandaan ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Nakahandang harapin ang anumang kahihinatnan ng pagpapasya.
 - b. Naisasaalang-alang ang kabutihang pansarili at kabutihang panlahat.
 - c. Hindi sumasalungat ang kilos sa Likas na Batas Moral.
 - d. Nakahandang magsisi sa resulta ng pipiling kilos
5. Ang mga sumusunod na kilos ay nagpapakita ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Nasaksihan ni Rupert ang ginawang pagsisinungaling ng kanyang kapatid sa kanyang magulang. Ang alam ng mga ito, pumapasok siya araw-araw sa paaralan. Sa halip, nagpupunta ito sa *computer shop* kasama ang mga barkada. Dahil alam niyang labis na mapagalitan ang kaniyang kapatid, hindi niya sinabi ito sa kaniyang magulang. Ayaw niya itong mapagalitan o masaktan.
 - b. Saksi si Rachelle sa pandarayang ginagawa ng kaniyang matalik na kaibigan sa *report* ng kinita ng kompanya. Sa kabila ng pakiusap nito na manahimik na lamang siya, sinabi pa rin niya ito sa kanilang boss. Natanggal ang kaniyang kaibigan sa trabaho.
 - c. Nasaktan ni Rebecca ng kanyang ina dahil sa kanyang pagsisinungaling dito. Inihanda niya ang kanyang sarili sa magiging reaksiyon ng kaniyang mga kapatid. Dahil dito, siya na mismo ang

gumawa ng paraan upang itama ang kaniyang pagkakamali. Humingi siya ng kapatawaran sa kaniyang ina.

- d. Nagsikap si Anthony na makatapos ng pag-aaral upang maiahon ang kanyang pamilya sa kahirapan at upang maibahagi niya sa kapuwa ang kanyang mga kakayahan.
6. Ang pagiging handa sa pagharap sa kahihinatnan ng pagpapasiya ay ang paggamit ng kalayaan nang may kaakibat na tungkulin. Alin sa mga sumusunod ang *hindi* umaayon sa pahayag?
 - a. Mas nasasanay tayong gumawa ng kabutihan kung handa tayong harapin ang kahihinatnan ng ating mga pasiya.
 - b. Bago gawin ang isang kilos, dapat isipin ang kalalabasan at epekto nito sa ating pagkatao.
 - c. Likas sa tao ang magkamali, kaya hindi lahat ng pasiya niya ay nagreresulta sa mabuti.
 - d. Ang kalayaan ng tao ay may kaakibat na tungkulin.
 7. Ang Likas na Batas Moral ay may kaugnayan sa kalayaan. Ito ay parang dalampasigan sa baybay-dagat. Ang dalampasigan ang nagbibigay ng hugis sa tubig. Mula rito, anong konsepto ang mabubuo tungkol sa Likas na Batas Moral at kalayaan?
 - a. Ang kalayaan ay malawak tulad ng karagatan at ang Likas Batas Moral ay malalim na batas na dapat sundin.
 - b. Ang Likas na Batas Moral ay ang hangganan ng ating kalayaan.
 - c. Malaya ang tao dahil walang hangganan ang Likas Batas Moral.
 - d. Ang Likas na Batas Moral ay alituntuning kailangang sundin.

Ang kalayaan ay maihahalintulad sa isang pana o palaso. Ang pana o palaso ay walang direksiyon kung ito ay walang aasintahin o *target*. Ito ay walang patutunguhan o maaaring tamaan ang kahit sino lang.

8. Anong konsepto ang mabubuo mula sa pahayag na ito?
 - a. Kung walang aasintahin o *target* na kabutihan, walang patutunguhan ang mga pinipiling kilos natin.
 - b. Ang aasintahin o *target* ng tao ay maging malaya sa pagpili ng kaniyang kilos.
 - c. Ang kalayaan ay parang pana o palaso dahil malawak ang hangganan nito.
 - d. Sayang ang pana kung wala itong target.

Nakita mo sa ibabaw ng mesa ng iyong guro ang isang papel. Ito pala ay susi sa pagwawasto ng inyong pagsusulit para bukas. Marahil, nahulog ito mula sa bag ng iyong guro sa kaniyang pagmamadali. Walang tao sa silid-aralan ninyo at walang nakakaalam na nakita mo ang papel.

9. Kung maharap ka sa sitwasyong nasa kahon, anong kilos ang nagpapakita ng Kalayaan.
 - a. Itatago ko ito at ibibigay sa aming guro. Sasabihin ko sa kaniya na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko. Mas malaya ako kapag ginawa ko ang kabutihan.
 - b. Imumungkahi ko sa aming guro na palitan niya ang mga tanong sa pagsusulit.
 - c. Itatago ko ito at ibibigay sa aming guro. Sasabihin ko ito sa aking guro na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko. Mahalagang pag-ingatan ang mga maselang gamit sa pagtuturo tulad ng susi sa pagwawasto.
 - d. Sasabihin ko ito sa aking guro na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko.

10. Hindi mo naisumite ang nasagutang modyul sa *deadline* na itinakda ng iyong guro. Tinanong ka niya sa *Group Chat* tungkol dito. Aling kilos ang nagpapakita ng kalayaan at bakit?
 - a. Magsusumite ako kahit lampa na sa *deadline*. Mas nagpapakita ito ng kalayaan kaysa hindi na magsumite.
 - b. Ipagtatapat ko na hindi ko nasagutan ito at makikiusap na bigyan ng isa pang pagkakataon. Ang pagiging handa sa kalalabasan ng kilos ay indikasyon ng kalayaan.
 - c. Sasabihin ko sa guro sa *private message* na nagsisisi ako sa hindi pagsumite sa *deadline*. Ito ay dahil may kaugnayan ang kalayaan at hindi pagtupad sa tungkulin.
 - d. Sasagutan ko na lang ang mga susunod na modyul upang maging mas malaya ako sa susunod na pagkakataon.

**Balikan****Gawain 1. Ang Aking Nakaraan**

Panuto: Gunitain ang isang karanasan kung saan nakagawa ka ng maling pasiya. Gawin ang sumusunod sa iyong kuwaderno gamit ang *format* na nasa kahon sa ibaba:

1. Isulat sa 1 pangungusap ang buod ng pasiyang ginawa mo.
2. Bakit mo sinasabing mali ang pasiyang ito? Ano ang naging papel ng konsensiya mo sa pasiyang ito?
3. Ano ang gagawin mo kung maharap ka muli sa parehong sitwasyon?

1. Ang isang pasiyang ginawa ko:

2. Bakit mali ang pasiyang ito?

3. Kung maharap akong muli sa parehong sitwasyon,

Gawain 2. Pasya Ko, Pananagutan Ko

Panuto:

1. Suriin ang sitwasyong nasa loob ng kahon. Ano ang gagawin mo kung maharap ka sa ganitong sitwasyon? Paano mo gagamitin ang iyong konsensiya upang makabuo ng mabuting pasiya at kilos?
2. Sa iyong kuwaderno, isulat ang mga kilos ng iyong konsensiya ayon sa larangan ng panahon gamit ang *graphic organizer* sa ibaba. Balikan mo ang gawain sa nakaraang modyul, Modyul 3, bilang gabay mo.

Tinatapos mo ang ikaapat na uri ng sanaysay, takdang-aralin mo sa Filipino na ipapasa mo kinabukasan. Nahihirapan kang gawin ito, dagdag pa ang maraming bagay na umaagaw ng iyong atensiyon. Biglang tumawag ang kapitan ng inyong barangay at pinakikiusapan ka na gumawa ng proyekto para sa kabataan ng inyong Barangay. Gustong-gusto mong gawin ito dahil nababagot ka na sa binubuo mong sanaysay. Kinabukasan din ay kailangan na ito ni kapitan.

Bago ang kilos (<i>Antecedent</i>)	
Habang isinasagawa ang kilos (<i>Concomitant</i>)	
Pagkatapos gawin ang kilos (<i>Consequent</i>)	

Mga Tanong

Panuto: Sagutin sa kuwaderno.

1. Ano ang pakiramdam mo sa iyong pasiya? Bakit?
2. Sinunod mo ba ang iyong konsensiya? Ipaliwanag.
3. Sa palagay mo, naging malaya ka ba sa iyong pasiya? Pangatuwiran.



Tuklasin

Gawain 1: Kalayaan sa kilos

Panuto: Gawin ang sumusunod sa iyong kuwaderno:

1. Basahin at unawain ang sitwasyon na nasa kahon.
2. Kung maharap ka sa ganitong sitwasyon, ano ang iyong gagawin? Isulat ang sagot mo sa unang *row* sa *graphic organizer* sa ibaba ng kahon.
3. Tayahin kung nagpapakita ang gagawin mo ng kalayaan o hindi. Isulat ang sagot mo at ang paliwanag sa ikalawang *row*.
4. Pagkatapos, isulat sa ikatlong *row* kung ano ang maaari mong maramdaman pagkatapos mong isagawa ang kilos. Maging tapat sa iyong sarili. Lakipan ito ng maikling paliwanag.

Maaga kang pinatutulong ng iyong ina tuwing gabi bilang paghahanda kinabukasan sa pagsagot ng iyong mga *Self Learning Module*. Isang gabi habang nakahiga ka na, nakatanggap ka ng *text message* mula sa isang kaklase. Nagpapatulong ito ng pagsagot ng gawain sa Math na kailangang ipasa kinabukasan. Hindi raw alam ng kaniyang kapatid ang paksa, kaya hindi siya matulungan nito. Alam mo na kapag sumuway ka sa utos ng iyong ina, maaari kang mapuyat at mahirapang gumising kinabukasan. Ngunit kapag sinunod mo naman ang iyong ina, baka hindi pumasa sa Math ang kaklase mo. Ano ang gagawin mo?

Ang aking gagawin	
Nagpakita ba ng kalayaan ang aking kilos? Bakit?	Oo, dahil _____ Hindi, dahil _____
Ano ang maaari kong maramdaman pagkatapos kong isagawa ang kilos at bakit?	

Mga Tanong.

Sagutin sa iyong kuwaderno:

1. Masaya ka ba sa pinili mong gawin? Pangatuwiran.
2. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
3. Ano ang indikasyon ng pagkakaroon ng kalayaan? Ipaliwanag.


Gawain 2: Nagpapakita ba ng kalayaan ang kilos ng kabataan?

Panuto: Gawin ang mga sumusunod sa iyong kuwaderno.

1. Sa bawat bilang, tayahin kung ang kilos o gawi (habit) ng kabataan ay nagpapakita ng kalayaan o hindi.
2. Lagyan ng tsek (✓) sa angkop na kolum.
3. Pagkatapos, isulat ang maikling paliwanag sa iyong sagot. Gabay mo ang unang halimbawa.

Kilos o gawi ng kabataan	Nagpapakita ba ito ng kalayaan?		Paliwanag
	Oo	Hindi	
<p><i>Halimbawa:</i> Dumalaw ang pamilya nina Pia sa bahay ng kanilang tita upang kumustahin ito. May tita pa sila sa katabing bahay ngunit hindi sila dumaan dito o magmano man lamang. Hindi kasundo ng nanay niya ang titang ito.</p>		✓	Ang paggalang sa nakatatanda ay walang pinipili. May moral na tungkulin sina Pia na magbigay-galang sa isang tita nila kahit hindi ito kasundo ng kanilang nanay.
<p>Ikaw naman:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sa tulong ng kanyang tatay, gumawa si Henri ng iskedyul ng mga aralin na dapat niyang sundin sa bawat araw. Nakasanayan na ni Henri na ipagpaliban ang pagsagot sa mga modyul ng asignatura na hindi niya hilig. Kaya sa araw ng pasahan ng modyul dito, napilitan siyang magsinungaling sa guro. Sinabi niyang natangay ng ulan ito ng bumagyo sa kanila. 			
<ol style="list-style-type: none"> 2. Nais sana ni Ara na magpost sa <i>Facebook</i> dahil gigil na siya sa galit sa gobyerno. Nagnilay muna siya at hindi na niya itinuloy nang maisip na mali ito. 			

<p>3. Dahil bagay naman at uso, nagsuot si Cherry ng <i>ripped jeans</i>. Kita ang malaking bahagi ng kaniyang hita.</p>			
<p>4. Naiwan ni Miel na bukas ang kanyang <i>email</i>. Binuksan at binasa ito ni Love.</p>			
<p>5. Dahil tapos ng mag-aral si Daniel sa kanyang mga asignatura ay nagpatugtog na siya nang malakas upang malibang kahit na nagbabasa pa ang kapatid na si Francis.</p>			



Suriin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga talata. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

Kalayaan

Kapag sinabihan ka ng nanay mo na unahin mo muna ang *online lesson* bago makipag-*chat* sa kaibigan mo, limitasyon ba ito sa iyong kilos? Nabawasan kaya ang iyong kalayaan? Dahil hindi mo na magawa ang gusto mong gawin, maaari mong isipin na wala ka ng kalayaan.

May kalayaan ang lahat ng tao at gusto niyang gawin ang lahat ng gusto niya lalo na kung ang mga ito ay magpapaligaya sa kaniya. Ngunit ayon kay Fr. Joseph M. de Torre, walang kakayahan ang tao na gawin palagi ang anumang naisin niya. Maraming bagay ang nais niyang mangyari at gawin subalit hindi niya magawa ang lahat ng mga ito. Nais niyang hindi magkasakit, hindi tumanda, manatiling buhay, malaman ang lahat ng bagay – ngunit wala siyang kalayaan upang magawa ang mga ito. Kung ganoon, ano nga ba ang tinutukoy na *kalayaan* ng tao?

Sa kabila ng limitasyong ito sa kalayaan ng tao, tunay na malaya ang tao sa kaniyang *pagpili* o *pagpapasiya*. Ang kalayaan ayon kay Santo Tomas de Aquino ay katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kaniyang kilos tungo sa kaniyang maaaring hantungan at ang paraan upang makamit ito. Nangangahulugan ito na dahil sa kilos-loob, malaya ang taong pumili ng partikular na bagay o kilos. Ang tao ang nagtatakda ng kaniyang kilos para sa kaniyang sarili. Walang anumang puwersa sa labas ng tao ang maaaring magtakda nito para sa kaniya. Maaari siyang mahikayat, maganyak, o maakit subalit hindi maaaring puwersahin o pilitin.


Mga Uri ng Kalayaan

May dalawang uri ng kalayaan: ang panloob at panlabas na kalayaan.

Una, **ang Panloob na Kalayaan**. Ayon kay Santo Tomas de Aquino, nakasalalay sa kilos-loob ng tao ang kaniyang kalayaan. Tinutukoy ng Panloob na Kalayaan ng kilos-loob ang:

- a. **kalayaang gumusto** (*freedom of exercise*) – ang kalayaang magnais o hindi magnais
- b. **kalayaang tumukoy** (*freedom of specification*) – ang kalayaan upang tukuyin kung ano ang nanaisin.

Sa babalang ito halimbawa, “Bawal Maligo sa Bahaging Ito ng Dagat,” ang iyong kilos-loob ay malayang magnais o hindi magnais na sundin o hindi sundin ang babala. Sakaling nagpasiya ang kilos-loob na sundin ang sinasabi ng babala, malaya nitong tukuyin kung ano ang nanaising gawin bilang kapalit sa planong paliligo. Nanaisin niya marahil ang magpiknik na lamang sa dalampasigan, lumipat ng ibang lugar, o umuwi na lang. Walang maaaring magtanggap ng panloob na kalayaan ng tao. Hindi ito maipagkakait, makukuha o maaalis sa kaniya.



Ikalawa, ang Panlabas na Kalayaan. Ito ang kalayaan upang isakatuparan ang gawaing ninais ng kilos-loob. Naiimpluwensiyahan ng mga panlabas na salik ang kalayaang ito. Maaaring mabawasan o maalis ang kalayaang ito sa pamamagitan ng pwersa sa labas ng tao. Kapag ang tao ay ikinulong, mawawala ang kaniyang panlabas na kalayaan.

Ilang halimbawa ng panlabas na kalayaan ay ang politikal, akademiko, at propesyonal na kalayaan. Nakapaloob sa politikal na kalayaan ang kalayaang pumili ng sasalihang samahang politikal, bumoto, o pumili ng taong mamumuno. Isang halimbawa ng akademikong kalayaan ay ang kalayaang pumili ng paaralang papasukan at kursong kukunin sa kolehiyo. May kalayaan ang mga propesyonal na gampanan ang kanilang tungkulin ayon sa sariling pamamaraan subalit hindi taliwas sa mga panuntunan o batas.


Ano ang kaugnayan ng panloob na kalayaan sa panlabas na kalayaan? Ang *panloob na kalayaan* ay ang ninanais na hantungan ng tao at ang *panlabas na kalayaan* ay mga paraan upang maisakatuparan ito. Kailangan ng panloob na kalayaan ang panlabas na kalayaan. Ang mga panlabas na kalayaan ay mga istraktura at panuntunan. Sa unang tingin, sa pagsunod sa mga panuntunan o batas na ito, nalilimitahan ang ating kalayaan. Ngunit sa mas malalim na pag-iisip, kapag sumusunod ang tao sa mga batas, mas nagiging ganap ang mga panlabas na kalayaan. Sa pagsasagawa ng mga panlabas na kalayaan, naisasakatuparan ng tao ang panloob na kalayaan. Halimbawa, ang mithiin mong kumuha ng *Academic Track* sa *Senior High School* ay panloob na kalayaan. Upang maisakatuparan ito, may kalayaan kang pumili ng kurso sa *Academic Track*, tulad ng *Education o Guidance and Counselling*. Malaya kang pumili ng pamantasang papasukan para sa pinili mong *Academic Track* ngunit may mga panuntunan kang dapat sundin upang maisagawa ito. Kailangang makakuha ka ng angkop na grado upang makapasok ka sa *Senior High School*. Sa pamamagitan nito, matutupad mo ang mithiin mo o ang pagnanais mong makapag-aral sa *Senior High School*.

Kung hindi naayon sa alituntunin ang gagawin ng tao, mababawasan o mawawala ang kaniyang panlabas na kalayaan. Samakatuwid, ang mga tungkulin ng tao sa panlabas na kalayaan ay makatutulong sa pagsasakatuparan ng ninanais ng panloob na kalayaan.

Kalayaan at Tungkulin

Malaki ang kaugnayan ng kalayaan sa tungkulin. Makikita ito sa karaniwang karanasan ng pagsisisi na tinalakay ni Paul Ricoeur sa kaniyang sanaysay, “*Guilt, Ethics and Religion*.” Ano ang pagsisisi? Ito ay pagbabalik sa nagawang masama nang may paghusga at pagtanggap na “ako ay nakagawa ng masama”. May dalawang aspekto ang karanasan ng pagsisisi: ang **obhetibong** kasamaang nagawa at ang **suhetibong** pag-aamin na ako ay nakagawa ng masama. Madalas sinasagisag ang obhetibong kasamaan sa mga katagang “nadumihan” o “naligaw ng landas.” Tunay na nangyari ang kasamaan at ito’y nagpawalay sa sarili sa kapuwa, sa ulirang sarili at sa Diyos. Ang suhetibong aspekto ay resulta ng paghuhusga ng konsensiya: ako ang nakagawa ng masama.

“Bakit ako nagsisisi?” Ito ang mahalagang tanong ng tao sa kaniyang sarili na ang sagot ay may dalawang bahagi. **Una**, “nagsisisi ako dahil ginawa ko ang masama sa *halip* na gawin ko ang mabuti”. Dito nakikita na may kaugnayan ang kalayaan at ang kasamaan. Ang katagang sa *halip* ay nagpapatunay na may *kalayaan* akong piliin ang mabuti o masama. At ang pinili ko ay ang masama kung kayat ako’y nagsisisi. Naipakikita rin na ang kasamaan ay bunga ng aking kalayaan. Kung ang masama ay galing sa kapaligiran ng tao o sa kalikasan, hindi ko ito pagsisisihan. Kung magkaroon man ng gulo o away sa paligid ko, hindi ko ito pagsisisihan dahil hindi ko ito ginusto at ginawa. Pinatutunayan nito na nagsisisi lang ang tao sa mga pansariling kilos na ginawa niya.



Pangalawa, “nagsisisi ako dahil ginawa ko ang masama na hindi ko *dapat* ginawa.” Sa sagot na ito, makikita na ang masama ay dapat iwasan. Ang salitang *dapat* ay nagpapatunay naman na may *tungkulin* ako. Tungkulin ko na iwasan ang masama at gawin ang mabuti.

Kung iuugnay natin ang dalawang bahagi, ang magiging sagot sa tanong na “Bakit ako nagsisisi?” ay “nagsisisi ako dahil ginawa ko ang masama sa halip ng mabuti na dapat kong gawin.” Dito lumalabas na magkaakibat ang kalayaan at tungkulin.

Ano ngayon ang tungkulin ng tao sa paggamit ng kaniyang kalayaan? May kalayaan ang tao na pumili ng mabuti at masama ngunit ang *dapat piliin ay ang mabuti at hindi ang masama*. **Ang kalayaan, samakatuwid, ay ang tungkuling gumawa ng mabuti at iwasan ang masama.** Tungkulin ng taong gamitin ang kalayaan upang gawin ang mabuti.

Ano ang batayan ng kabutihan? Ang batayan ng ating konsensiya sa paghuhusga ng kabutihan o kasamaan ng ating kilos ay ang Likas na Batas Moral. Ang unang prinsipyo ng batas na ito ay “gawin ang mabuti at iwasan ang masama”. Kung gayon, tungkulin ng tao ang sumunod sa batas na ito upang magampanan ang tungkuling makagawa ng kabutihan. Ang kalayaan ng tao ay nakabatay sa pagsunod sa Likas na Batas Moral. Ang tunay na kalayaan ay masusumpungan sa pagsunod sa batas na ito. Ang batas ay binuo upang mapabuti ang mga tagasunod nito. Sa bawat batas na nauunawaan at sinusunod ng tao, mas nasasanay siyang gumawa ng kabutihan at mas makabuluhan ang kaniyang kalayaan.

Paggamit ng Kalayaan nang may Kaakibat na Tungkulin

Ang kalayaan ng tao ay may kaakibat na tungkulin. Kailangan siyang maging mapanagutan sa anumang kilos at pagpapasiyang gagawin. Paano mo malalaman kung naging mapanagutan ka sa paggamit ng kalayaan? Narito ang ilang palatandaan ayon kay Esteban (1990):

1. ***Kung naisaalang-alang mo ang kabutihang pansarili (personal good) at ang kabutihang panlahat (common good).*** Ginagamit mo ang kalayaan upang malampasan ang mga balakid sa pag-unlad ng iyong pagkatao. Ang maging malaya sa kamangmangan, kahirapan, katamaran, kasamaan ay ilan sa mga ito. Pinagkaloob din ang kalayaan para sa ikabubuti ng kapuwa at pamayanan tulad ng pakikilahok sa mga proyektong pampamayanan o sa pagtatanggol sa mga mabuting adhikain. Halimbawa, pinili mong gumising nang maaga upang makapaghanda ng almusal hindi lamang para sa sarili mo kundi para sa buong pamilya at kasambahay. Ginamit mo ang kalayaan mong magising nang maaga at dinaig mo ang katamaran sa paggising sa umaga.
2. ***Kung handa kang harapin ang anomang kahihinatnan ng iyong pagpapasiya.*** Ang bawat kilos o pagpapasiya ay may katumbas na epekto, mabuti man o masama. Hindi lamang sapat na harapin ang kahihinatnan ng pasiya o kilos kundi ang gamitin ang kalayaan upang itama ang anumang pagkakamali. Ang tao ay may kalayaang piliin ang kilos niya ngunit wala siyang kalayaang piliin ang kahihinatnan ng kaniyang pagpili. Hindi malaya ang tao na piliin ang kahihinatnan ng kilos na kaniyang pinili. Halimbawa, malaya ang isang mag-aaral na gumamit o maglaro ng mga *gadget (laptop, tablet o cellphone)* kaysa gumawa ng takdang-aralin, subalit hindi siya malaya sa maaaring kahihinatnan nito. Hindi maaaring mataas pa rin ang kaniyang marka sa kabila ng kaniyang piniling gawin.

3. ***Kung ang iyong pagkilos ay hindi sumasalungat sa Likas na Batas Moral.*** Ang Likas na Batas Moral ay taglay ng tao mula kapanganakan. Nakasaad sa mga batas na ito ang dapat gawin at hindi dapat gawin ng tao. Ito ay batayan sa pagsasaalang-alang sa pagkilala ng kabutihang pansarili at kabutihang panlahat.

Ipinaliwanag ni Sr. Felicidad C. Lipio ang kaugnayan ng kalayaan sa batas na ito tulad ng kaugnayan ng dalampasigan sa baybay-dagat. Ang dalampasigan ang nagbibigay hugis sa tubig at siyang nagbibigay hangganan dito. Gayondin, ang Likas na Batas Moral ang nagbibigay hugis sa paggamit ng tunay na kalayaan at nagtatakda ng hangganan nito. Ang batas moral kung gayon ay alituntuning kailangang sundin na nagbibigay hugis at direksiyon sa kalayaan.

Maaari ring mahalintulad ang kalayaan sa isang pana o palaso. Ang pana o palaso ay walang direksiyon kung ito ay walang aasintahin o *target*. Ito ay walang patutunguhan o maaaring tamaan ang kahit ano lang. **Ang aasintahin o target ng ating kalayaan ay ang kabutihan. Kung walang kabutihan, walang patutunguhan ang kalayaan nating pumili ng mga kilos.** Kung kaya, ang kalayaan ay para sa kabutihan lamang.

May kalayaang pumili ang tao dahil sa kaniyang kilos-loob. Ang tao ay may kamalayan, kaya siya ay may kakayahang magsuri at pumili ng nararapat. Siya ay may moral na tungkulin na piliin ang ayon sa moral na batayan. Ang kalayaan ng kilos-loob ay bahagi ng espiritwal na aspekto ng ating pagkatao. Kaloob ito ng Diyos sa tao upang malaya niyang mahubog ang kaniyang pagkatao. Ang tunay na kalayaan ay may tungkuling mapanagutan kaya't inaasahang ito ay gagamitin sa paggawa ng naaayon sa kabutihan. *Ang tunay na kalayaan ay ang tungkuling gumawa ng mabuti at iwasan ang masama. Ang tunay na kalayaan ay kabutihan.*


Mula sa: Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7. Modyul Para sa Mag-aaral. (Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon, 2017), 154-159

Mga Tanong:

Panuto: Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Sagutin ang bawat tanong sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kaugnayan ng panloob at panlabas na kalayaan?
2. Ano ang tungkulin ng tao sa paggamit ng kaniyang kalayaan? Ipaliwanag.
3. Ipaliwanag ang dalawang aspekto ng karanasan ng pagsisisi gamit ang isang halimbawa.
4. Saan nararapat patungo ang mga kilos na malayang pinipili ng tao? Ipaliwanag.
5. Paano maipakikita ang paggamit ng kalayaan na may kaakibat na tungkulin?

O kumusta? Dito nagtatapos ang iyong mga gawain sa ikalimang-linggo. Para sa ikaanim na linggo, gawin ang mga gawain sa ibaba. Balikan ang babasahin sa Suriin bilang gabay mo sa pagsasagawa ng mga gawain simula sa Pagyamanin.



Pagyamanin

Nagpakita ba ng kalayaan ang aking kilos?

Panuto: Gawin ang sumusunod.

1. Gunitain ang mga pasiya at kilos na isinagawa mo sa mga sitwasyong kinaharap mo sa nakaraang linggo. Nagpakita ba ang mga ito ng kalayaan?
2. Punan ang sumusunod na *graphic organizer*.

Ang pasiya o kilos na isinagawa ko sa nakaraang linggo	Nagpakita ba ng kalayaan ang aking kilos? (Ibigay ang dahilan sa sagot.)		Paano ko maipakikita ang kalayaan sa susunod na pagkakataon?
	Oo	Hindi	
<i>Halimbawa:</i> Nagbigay ng puna ang guro namin sa EsP sa aking <i>video</i> tungkol sa konsensiya. Kunin ko raw ang pananaw ng mga mag-aaral sa paaralan namin tungkol sa isyung <i>intellectual honesty</i> . Dahil kulang na sa panahon, nag- <i>post</i> ako ng <i>message</i> sa <i>Group Chat</i> ng aking mga kaibigan tungkol sa <i>issue</i> . Marami sa kanila ang taga-ibang paaralan.		✓	Kailangang pamahalaan ko ang aking panahon upang sumunod sa panuto ng aming guro. Katapatan ang pagsunod sa pamantayang binigay ng guro anuman ang gawain.
Ikaw naman:			
1.			
2.			
3.			



Isaisip

Panuto: Sa bahaging ito, sasagutin mo ang mga *Mahalagang Tanong* na: **Ano ang kaakibat ng kalayaan na ipinagkaloob sa tao? Paano dapat gamitin ang kalayaan?** Simulan sa pagkumpleto ng pahayag sa ibaba. Punan ng angkop na salita upang mabuo ang wastong diwa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- A. Ang kalayaan ay may limitasyong itinakda ng Likas na Batas Moral na alituntuning kailangang sundin sapagka't ito ay nagbibigay-hugis at (1)_____ sa kalayaan.

May dalawang uri ang kalayaan; ang **panloob na kalayaan** na nakasalalay sa (2)_____ ng tao, at **panlabas na kalayaan** na nagbibigay (3)_____ upang isakatuparan ang gawain na ninais ng kilos-loob. Tinutukoy ng panloob na kalayaan ng kilos-loob ang:

- Kalayaang gumusto (freedom of exercise)-kalayaang magnais o hindi magnais
- Kalayaang tumukoy (freedom of specification)-kalayaan upang tukuyin kung alin ang nanaisin.


Ang kalayaan ay ang karapatan mong gawin ang nararapat upang makamit ang pinakamataas at pinakadakilang layunin ng iyong (4)_____.

Ang tunay na (5)_____ ay ang paggawa ng mabuti.

- B. May kalayaang pumili ang tao dahil sa kaniyang kilos-loob. Ang tao ay may kamalayan, kaya siya ay may kakayahang (6)_____ at pumili ng nararapat. Siya ay may moral na tungkulin na piliin ang ayon sa moral na batayan. Ang (7)_____ ng kilos-loob ay bahagi ng espiritwal na aspekto ng ating pagkatao. Kaloob ito ng Diyos sa tao upang malaya niyang (8)_____ ang kaniyang pagkatao. Ang tunay na kalayaan ay may tungkuling (9)_____ kaya't inaasahang ito ay gagamitin sa paggawa ng naaayon sa kabutihan. Ang tunay na kalayaan ay ang tungkuling gumawa ng (10)_____ at iwasan ang masama. Ang tunay na kalayaan ay kabutihan.

- C. Sa iyong kuwaderno, bumuo ng Batayang Konsepto, mga pangungusap na sasagot sa *Mahalagang Tanong* na: **Ano ang kaakibat ng kalayaan na ipinagkaloob sa tao? Paano dapat gamitin ang kalayaan?**

Batayang Konsepto:



Isagawa

Mga Kilos Ko!

Panuto: Gawin ang mga sumusunod.

1. Isulat ang mga mahahalagang pasiya at kilos na ginawa mo sa loob ng isang linggo.
2. Tukuyin kung nagpakita ang bawat pasiya at kilos mo sa araw na iyon ng kalayaan o hindi. Kung *hindi* ang iyong sagot, ilahad ang mga bagay na iyong *pinagsisisihan* at ang mga hakbang na gagawin upang baguhin rin ang paggamit ng iyong kalayaan.
3. Ipakita sa iyong mga magulang ang gawaing ito. Hingin ang kanilang tulong at suporta sa pagsasagawa nito upang masiguro ang pagsasakatuparan mo ng mga ito.
4. Isulat ang iyong naramdaman at reyalisasyon mula sa gawaing ito sa iyong *journal* o kuwaderno. Ibahagi ito sa iyong magulang o kapamilya at palagdaan.

Sundin ang katulad na pormat sa ibaba.

Araw	Ang pasiya o kilos na ginawa ko	Nagpakita ba ng kalayaan ang aking pasiya o kilos? (Lagyan ng tsek ang angkop na kolum.)		Ano-ano ang mga pasiya o kilos na aking pinagsisisihan? (Kung <i>Hindi</i> ang iyong sagot sa ikatlong kolum.)	Mga hakbang na dapat kong gawin upang baguhin ang paggamit ng kalayaan
		Oo	Hindi		
Linggo					
Lunes					
Martes					
Miyerkules					
Huwebes					
Biyernes					
Sabado					

Lagda ng Mag-aaral

Lagda ng Magulang



Tayahin

Panuto: Basahin at unawing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. “Ang pinili ko ay masama kaya ako nagsisi”. Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?
 - a. Ang kasamaan ay bunga ng kalayaan ng tao.
 - b. Kalayaan ang pinanggalingan ng masama.
 - c. Ang kasamaan ay kaakibat ng mabuti.
 - d. Nagsisi ako dahil may kalayaan ako

2. “Nagsisisi ako dahil ginawa ko ang masama na hindi ko dapat ginawa.” Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?
 - a. Nagsisisi lamang ang tao sa mga pansariling kilos na ginawa niya
 - b. Pagsisisi ang resulta ng hindi paggamit ng kalayaan nang tama.
 - c. Ang tao ay may tungkuling iwasan ang tukso sa paligid.
 - d. Ang kasamaan ay dapat pinagsisisihan.

3. Ayon kay Ester Esteban, ang sumusunod na pahayag ay ang palatandaan ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Nakahandang harapin ang anumang kahihinatnan ng pagpapasya.
 - b. Naisasaalang-alang ang kabutihang pansarili at kabutihang panlahat.
 - c. Hindi sumasalungat ang kilos sa Likas na Batas Moral.
 - d. Nakahandang magsisi sa resulta ng pipiliing kilos

4. Ang sumusunod na kilos ay nagpapakita ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Nasaksihan ni Rupert ang ginawang pagsisinungaling ng kanyang kapatid sa kanyang magulang. Ang alam ng mga ito, pumapasok siya araw-araw sa paaralan. Sa halip, nagpupunta ito sa *computer shop* kasama ang mga barkada. Dahil alam niyang labis na mapagalitan ang kaniyang kapatid, hindi niya sinabi ito sa kaniyang magulang. Ayaw niya itong mapagalitan o masaktan.
 - b. Saksi si Rachelle sa pandarayang ginagawa ng kaniyang matalik na kaibigan sa *report* ng kinita ng kompanya. Sa kabila ng pakiusap nito na manahimik na lamang siya, sinabi pa rin niya ito sa kanilang boss. Natanggal ang kaniyang kaibigan sa trabaho.
 - c. Nasaktan ni Rebecca ng kanyang ina dahil sa kanyang pagsisinungaling dito. Inihanda niya ang kanyang sarili sa magiging reaksiyon ng kaniyang mga kapatid. Dahil dito, siya na mismo ang gumawa ng paraan upang itama ang kaniyang pagkakamali. Humingi siya ng kapatawaran sa kaniyang ina.
 - d. Nagsikap si Anthony na makatapos ng pag-aaral upang maihahon ang kanyang pamilya sa kahirapan at upang maibahagi niya sa kapuwa ang kanyang mga kakayahan.

5. Ano ang kalayaang magnais o hindi magnais?

a. Kalayaang tumukoy	c. Kalayaang gumusto
b. Panlabas na kalayaan	d. Panloob na Kalayaan

6. Ang pagiging handa sa pagharap sa kahihinatnan ng pagpapasiya ay ang paggamit ng kalayaan nang may kaakibat na tungkulin. Alin sa sumusunod ang **hindi** umaayon sa pahayag?
 - a. Mas nasasanay tayong gumawa ng kabutihan kung handa tayong harapin ang kahihinatnan ng ating mga pasiya.
 - b. Bago gawin ang isang kilos, dapat isipin ang kalalabasan at epekto nito sa ating pagkatao.
 - c. Likas sa tao ang magkamali, kaya hindi lahat ng pasiya niya ay nagreresulta sa mabuti.
 - d. Ang kalayaan ng tao ay may kaakibat na tungkulin.

7. Ang Likas na Batas Moral ay may kaugnayan sa kalayaan. Ito ay parang dalampasigan sa baybay-dagat. Ang dalampasigan ang nagbibigay ng hugis sa tubig. Mula rito, anong konsepto ang mabubuo tungkol sa Likas na Batas Moral at kalayaan?
- Ang kalayaan ay malawak tulad ng karagatan at ang Likas Batas Moral ay malalim na batas na dapat sundin.
 - Ang Likas na Batas Moral ay ang hangganan ng ating kalayaan.
 - Malaya ang tao dahil walang hangganan ang Likas Batas Moral.
 - Ang Likas na Batas Moral ay alituntuning kailangang sundin.


Ang kalayaan ay maihahalintulad sa isang pana o palaso. Ang pana o palaso ay walang direksiyon kung ito ay walang aasintahin o *target*. Ito ay walang patutunguhan o maaaring tamaan ang kahit sino lang.

8. Anong konsepto ang mabubuo mula sa pahayag na ito?
- Kung walang aasintahin o *target* na kabutihan, walang patutunguhan ang mga pinipiling kilos natin.
 - Ang aasintahin o *target* ng tao ay maging malaya sa pagpili ng kaniyang kilos.
 - Ang kalayaan ay parang pana o palaso dahil malawak ang hangganan nito.
 - Sayang ang pana kung wala itong target.

Nakita mo sa ibabaw ng mesa ng iyong guro ang isang papel. Ito pala ay susi sa pagwawasto ng inyong pagsusulit para bukas. Marahil, nahulog ito mula sa bag ng iyong guro sa kaniyang pagmamadali. Walang tao sa silid-aralan ninyo at walang nakakaalam na nakita mo ang papel.

9. Kung maharap ka sa sitwasyong nasa kahon, anong kilos ang nagpapakita ng Kalayaan.
- Itatago ko ito at ibibigay sa aming guro. Sasabihin ko sa kaniya na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko. Mas malaya ako kapag ginawa ko ang kabutihan.
 - Imumungkahi ko sa aming guro na palitan niya ang mga tanong sa pagsusulit.
 - Itatago ko ito at ibibigay sa aming guro. Sasabihin ko ito sa aking guro na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko. Mahalagang pag-ingatan ang mga maselang gamit sa pagtuturo tulad ng susi sa pagwawasto.
 - Sasabihin ko ito sa aking guro na naiwan niya ito dahil hindi dapat ito makita ng mga mag-aaral na tulad ko.

10. Hindi mo naisumite ang nasagutang modyul sa *deadline* na itinakda ng iyong guro. Tinanong ka niya sa *Group Chat* tungkol dito. Aling kilos ang nagpapakita ng kalayaan at bakit?
- Magsusumite ako kahit lampas na sa *deadline*. Mas nagpapakita ito ng kalayaan kaysa hindi na magsumite.
 - Ipagtatapat ko na hindi ko nasagutan ito at makikiusap na bigyan ng isa pang pagkakataon. Ang pagiging handa sa kalalabasan ng kilos ay indikasyon ng kalayaan.
 - Sasabihin ko sa guro sa *private message* na nagsisisi ako sa hindi pagsumite sa *deadline*. Ito ay dahil may kaugnayan ang kalayaan at hindi pagtupad sa tungkulin.
 - Sasagutan ko na lang ang mga susunod na modyul upang maging mas malaya ako sa susunod na pagkakataon.




Karagdagang Gawain

Pagninilay

Panuto: Balikan ang mga sagot mo sa **Isagawa**. Sagutin sa iyong kuwaderno ang sumusunod na tanong:

- Ano ang mabubuo kong konklusyon tungkol sa aking pagpapasiya sa iba't ibang sitwasyon:
 - ang pagpili ko sa pagitan ng opsyong mabuti at opsyong masama; at
 - ang pagpili ko sa pagitan ng 2 dalawang mabuting opsyon?
- Paano ko sasanayin ang aking sarili na piliin ang opsyong mas mabuti?



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN		
Sagot	Kasanayan	Paksa
C	Kaalaman	1. Uri ng Kalayaan
A	Pag-unawa	2. Kalayaan at Tungkulin
D	Pag-unawa	3. Kalayaan at Tungkulin
D	Pag-unawa	4. Mapanagtang paggamit ng kalayaan
A	Aplikasyon	5. Mapanagtang paggamit ng kalayaan
C	Pagsusuri	6. Paggamit ng Kalayaan
B	Pagbuho	7. Kaugnayan ng Likas Batas Moral sa Kalayaan
C	Pagbuho	8. Kaugnayan ng Likas Batas Moral sa Kalayaan
A	Ebalwasyon	9. Kalayaan at Tungkulin
B	Ebalwasyon	10. Kalayaan at Tungkulin

TAYAHIN
1. A
2. D
3. D
4. A
5. C
6. C
7. B
8. C
9. A
10. B

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7, Modyul Para sa Mag-aaral, (2017)
Kagawaran ng Edukasyon, Pasig City. Pahina 154-159

Para sa mga katanungan at puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education, - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov